

**MGA GUNITA'T BAGAY NA PAMILYAR AT DI-PAMILYAR
(O ANO NGA BA ANG BULOK NA TULA?)**

ni Enrico C. Torralba

Minsan sa isang klase sa retorika, nagtanong ang ilan kong estudyante kung paano nagiging tula ang isang tula. Sa halip na sumagot, binigyan ko sila sa sumunod na miting ng isang ehersisyong natutuhan ko noong ako ay nag-aaral pa lamang. Ito ay adaptasyon ng sanaysay ni Richard Howey na **How To Write A Rotten Poem.**¹ Isa itong ehersisyo ng pagsulat ng isang aapating taludtod na tula. Nasa kanila na kung nais nilang gumawa ng may tugma't sukat o malayang taludturan.

Ganito ang naging takbo ng kanilang ehersisyo :

1) Simulan ang tula sa pamamagitan ng linyang "Sa _____ ng aking isip." Ang blangko ay dapat punan ng kahit anong salita. Dapat lang tandaan na huwag gumamit ng mga gasgas nang salita, halimbawa, "kuwarta", "kabinet" o "pahina." Mas magandang gamitin ay mga salitang tila wala sa konteksto o walang kaugnayan sa pagtula tulad ng "lababo" o "palito." Halimbawa: "Sa lababo ng aking isip."

2) Ang pangalawang linya ay dapat gumamit ng dalawa o higit pang pandama na magkataliwas. Halimbawa, "nalasahan ko ang amoy ng kanyang galit."

3) Ang ikatlong linya ay isang simpleng pahayag tulad ng "Lumabas ako at nag-beer." Ang mahalaga, isa itong gawaing mundane o karaniwan. Sabi ni Howey, pag-break ito sa daloy na pagiging matulain ng naunang dalawang linya. Kumbaga, muling iniyayapak ang talampakan ng mambabasa sa lupa

4) Ang panghuling linya ay isang pahayag na tumutukoy sa hinaharap o kahit paano ay magbibigay ng pag-asa o kaya ay pang forward push sa daloy ng tula.

Kung pagsasamahin na ang apat na hakbang, ito ang mabubuo :

¹ Sa kasalukuyan ay hindi ko pa natutunton ang pinagkunan ng sanaysay na ito.

Sa tinga ng aking isip
Nalalahan ko ang amoy ng kanyang galit.
Lumabas ako at nag-beer.
Sana, mga labi natin ay muling magkalapit.²

Bulok na tula, hindi ba? Sabi nga ni Howey, okay lang maging bulok. At least tula siya. Kaysa naman daw na rotten na, hindi pa tula.

Sana ay ganito kadali ipaliwanag kung paano lumikha ng isang tula. Sa ibang makata, maaaring napakadali ito. Ngunit sa panig ko, hirap na hirap ako. Hindi dahil sa madamot ako at ayaw kong magbahagi ng mga sikreto ng pagtula. Dalawa ang dahilan. Una, baka mali o hindi sapat ang aking ginawa. Nakatatakot na maging ehemplo pa ng mga nag-aaral na tumula ang isang paraan na mali o kapos. Pangalawa, aaminin ko, hanggang ngayon ay hindi ko pa maituturing na ako'y isang makata. Ang batayan ko kasi ng pagiging makata ay mga katulad nina Cirilo F. Bautista, Elynia Mabanglo, Rio Alma, Marjorie Evasco at iba pang kilalang canon sa panitikan. Sa ngayon, masasabing kong sumusulat o nagtatangka akong sumulat ng tula.

Ngunit hindi ibig sabihin nito na maaari na tayong umalis at bumalik sa ating kanya-kanyang buhay dahil wala na akong ibabahagi ngayon. Mayroon po. Ang nais kong talakayin ngayon ay ang bagay na lubos na pinagtutuunan ng pansin ng mga makata sa kanilang paglikha: ang talinghaga. Ano nga ba ang hayop na talinghagang ito?

Pagdedepinisyon sa Talinghaga

Ang itinuturing na pinakamahalagang elemento ng tula ay ang talinghaga. Ayon kay Teo E. Gener, “Ang pinakatampok sa katangian ng tula ay talinghaga” (65). Dahil sa talinghaga, ang isang salita, parirala, taludtod o pangungusap ay nagiging matulain at

² Sarili kong gawa

may ibang kahulugan. Sa mga makata, kritiko o mambabasa, ang talinghaga ang siyang pinakapuso o buod ng isang tula. Na kung walang talinghaga, ang mga taludtod ay magiging pinutol-putol na pangungusap o simpleng mga kalipunan ng mga salitang pinag-anyong taludtod. Dahil dito, ang talinghaga ang nagtatakda sa pagiging makata o hindi makata ng isang nagsusulat ng tula.

Binigyang kahulugan naman ni Virgilio S. Almario ang talinghaga bilang “utak ng paglikha at disiplinang pumapatnubay sa haraya at sa pagpili ng salita habang isinasagawa ang tula (148).” Kumbaga sa arkitektura, ang talinghaga ang nagsisilbing plano sa itatayong tula. May panlabas at panloob na puwersang pumapanday sa paglikha (o pagkatuklas) sa talinghaga. Ang panlabas na puwersa ay ang isang “pangyayari na labas sa katauhan ng tao, bagama’t maaaring kaugnay ito ng katauhan niya.” (148). Ang karanasan namang ito ay sinisipsip at binibigyan ng kahulugan ng panloob na lakas ng tao upang lumabas na isang bagong karanasan. Ang panloob na lakas ng tao ay ang tinutukoy na panloob na puwersa na maaaring sa anyo ng paniniwala, kaugalian, tradisyon o kilos ng haraya ng isang tao. Bilang mekanismo sa pahayag, ang talinghaga ang siyang gumigiya sa makata sa magiging hugis ng kanyang tula. Ang mga salitang ilalangkap, ang mga tayutay o sayusay na gagamitin, ang pagkakaroon ng padron ng tugma at sukat o pagiging malaya ng taludturan, at mga imahen ay ilan lamang sa mga instrumento ng talinghaga o tinatawag na pananalinghaga. Sa madaling salita, ang talinghaga ang siyang nilalaman at anyo ng tula.

Malabo pa rin po ba ang paliwanag? Hayop talaga ng talinghaga. Mas makatutulong siguro kung sasangguni tayo sa mga sinabi ni Alfredo Navarro Salanga (ang aking future father-in-law). Ayon sa kanya, isang dimensyon ng makata ay ang

kanyang kalayaang maging bago o kakaiba at ipinapahayag niya ang kalayaang ito sa pamamagitan ng pagbasag sa harmoniya ng salita, pasulat man o pasalita (1). Hindi siya nakukuntento sa deklar tibong paraan ng paglalarawan o prosa at sa halip, ginigiba niya ito. Ani niya, “the poet expresses his freedom by destroying the harmony of the written and the spoken word.” (1) Inilalagay ng makata ang karaniwang pangungusap sa mas mataas antas. Ito ang dahilan kung bakit sa halip na sabihing tumapak ang tao sa lupa, sasabihin niyang “Hinagkan ng lupa ang kanyang talampakan” (Barrios at Reyes 10). O kaya ay ilarawan ang gabi na “isang balabal na basa ng dugo” (Almario 218) sa halip na sabihing ang gabi ay madilim, malamig at tahimik.

Sa kabilang banda, habang sinisira/ginigiba ng makata ang karaniwang wika, pinapaghusay rin niya ang kanyang sariling wika. Binubuo at pinalalakas niya ang sariling tinig. Tinitiyak niyang walang masasayang, akmanag-akma at eksaktong-eksakto ang kanyang bibitawang salita. Kung kaya’t makikita sa kanyang mga taludtod ang kanyang pagiging maingat at matipid. Kung kaya’t isang karaniwang ginagawa sa pananaludtod ay ilarawan ang isang imahen sa pinakakaunting salita. Nagagawa niya ito sa pamamagitan ng pagpili ng salitang sa palagay niya ay makapagbibigay ng malinaw na larawan at puno ng mensahe.

Halimbawa ay ang bugtong na:

Bumbong kung liwanag
At kung gabi ay dagat.

Banig ang sagot sa bugtong na ito ngunit pansinin kung gaano kapuno ng kahulugan ang “bumbong” (kung nakalulon) at “dagat” (kung nakalatag). Dagdag pa ang dikotomiya ng mga salitang “liwanag” at “gabi.”

Sa ganito, makikita ang isa pang himaymay ng pagiging malaya ng makata. Sa pamamagitan ng pagsira sa karaniwang wika at deklaratiyong pahayag, binibigyan niya ng panibagong lente ang mambabasa. Sa tula, ang isang karaniwang imahen ay hindi na karaniwan at ang isang kakaibang imahen ay nagiging pamilyar. Ang ganitong pagmamanyubra sa mga pandama ay maaaring ikawing sa paraan ng Pormalismong Ruso sa pagtingin sa bagay, ang defamiliarisasyon. Sa paraang defamiliarisasyon, ang persepyon o kamalayan sa mga pamilyar na bagay ay pinapasigasig (heightened consciousness) upang mas epektibong maipahayag ang mga nakikita o nadarama.

Halimbawa ay ang mala-tanagang ito tungkol sa paruparo ni Salanga:

Dadalawang pahina
Ang iyong mga pakpak
Napakaigsi naman
Ng iyong talambuhay

Dito, ang paruparo ay hindi na lamang isang insekto kundi isang aklat na may maigsi talambuhay. Maigsi, hindi dahil sa maliit at dalawang pahina na lamang kundi dahil sa tunay na buhay, isang linggo lamang ang inilalagi ng insektong ito sa mundo.

Ang Nakatali, Itinali at Talim ng Hiwaga: Mga Antas ng Pananalinghaga

Sa puntong ito, naaalala ko ang kuwento ng mga bulag ng Hindustan. Ayon sa kuwento, may apat na bulag na gustong malaman kung ano ang elepante. Isang hiwaga para sa kanila ang elepante. Nang magkaroon sila ng pagkakataon, pinalapit sila dito. Bawat isa ay napahawak sa isang bahagi lamang ng malaking hayop. Sabi ng isang bulag na nakahawak sa tainga, ang elepante ay isang pamaypay. Sa isa naman na nakahawak sa buntot, ang elepante ay isang tali. Sa nakahawak naman sa katawan, ang elepante ay

isang pader, samantalang ang nakahawak sa binti, ang elepante ay isang haligi ng isang palasyo.

Lisa lamang ang karanasan ng apat na bulag ngunit iba-iba ang kanilang persepsyon dito. Ang bawat isa ay may kanya-kanyang kasagutan sa kung ano ang hiwaga ng elepante dahil magkakaiba ang kanilang mga anggulong (o parte) naranasan. Samakatwid, apat na talab ng hiwaga ang nalikha at itinali ang apat na hiwagang ito sa apat na bagay (pamaypay, tali, pader at haligi). Kung kaya't masasabing may apat na tulang nabuo.

Ang kuwentong ito ang nagbigay sa akin ng teorya na ang pinagmulan ng salitang talinghaga ay may kinalaman sa salitang hiwaga. Ang dahilan ng makata sa pagbasag sa wika at pagbibigay ng bagong persepsyon sa isang bagay o imahen ay dahil may nakita siyang kakaiba sa isang karaniwan o pamilyar na bagay o pangyayari. Kumbaga, may nakita siyang nakataling hiwaga, bagkus, talinghaga (**nakataling hiwaga**). Kung babalikan ang unang taludtod ng halimbawa ng rotten poem sa umpisa ng panayam, ang “Sa tinga ng aking isip” ipinapahiwatig agad na may kakaibang nakikita ang makata tungkol sa isip. Napag-uugnay niya ang mga walang kaugnayang mga bagay upang ilarawan ang isang hiwaga.

Ganito ang naranasan ko nang sulatin ko ang tulang **DALAWANG MAIKLING**

OYAYI:

i
sa gitna ng tag-init
hangi'y umihip;
lupa't dahoy nagtalik.

ii
pagkatapos ng ulan,

puno'y yugyugin;
mapagkalingang ambon

Ang maikling tulang ito ay binubuo ng dalawang maikli pang tula. Bagama't magkasama ang dalawa sa isang tula, magkaibang panahon ang pagkakasulat sa mga ito. Ang una ay isang panahon ng tag-araw at ang pangalawa, panahon ng tag-ulan. Sa unang tula, nahiwagaan ako sa naging kilos ng isang dahon nang umihip ang hangin. Pagkatapos tangayin, lumapag ito sa lupa ngunit ang paglapag ay tila kilos ng isang katawan sa kapwa katawan kapag nagtatalik. Alam ninyo na po ang ibig kong sabihin. (Napaghahalata po ba kung paano ako mag-isip). Na-weirduhan (o nahiwagaan) ako sa aking nakita. At katulad ng isang excited na paslit, ikinuwento/itinala ko ito sa aking notebook.

Sa pangalawang tula naman, isang kakaibang karanasan ang aking nadama nang minsang sumilong ako sa isang puno. Matindi ang sikat ng araw na iyon kahit ka-uulan pa lamang. Habang nakasilong, umihip nang malakas ang hangin at nayugyog ang mga sanga. Nang mangyari ito, nabagsakan ang mga tubig-ulan na nasa mga sanga at dahon. Parang umulan ulit at ako ay nabasa. Ngunit sa halip na mainis, nahiwagaan ako sa nangyari. Umuulan kahit may araw. Nababasa kahit nakasilong. At ang resulta, naginhawaan ako sa gitna ng haplit ng araw. Sa pagkakataong iyon, tinanong ko ang sarili kung anong salita ang maglalarawan sa karanasang iyon. Marami na akong napagtanungang mga eksperto sa wikang Filipino ngunit wala silang maibigay na angkop na pangalan. Kung kaya't nagkasya na lang ako na ilarawan ito sa aking notebook.

Nang balikan ko ang aking mga draft, napansin ko agad ang ugnayan ng dalawa. Ang unang tula ay tungkol sa pagtatalik at paglikha ng buhay. Ang pangalawa naman ay tila pag-aaruga sa isang buhay. Kaya't kung susundan ang daloy ng tula, tila ito ng

naratibo ng paglikha at pag-aaruga ng isang buhay. Dahil ang dalawang tula ay may pagtatangkang ilarawan na mapagkalinga, ang buong tula ay tila isang oyayi. At dahil mga bagay sa kalikasan ang inilalarawan, tinangka kong mag-anyong haiku ang dalawa subalit sa halip na 5-7-5, ito ay ginawa kong 7-5-7. Ito ay para maiba naman sa orihinal.

Ang ganitong pagtatangka kong ilarawan sa nakataling hiwaga ay makikita rin sa aking tulang **ANG KUWENTO NI INA:**

Hanggang ngayon, banyaga
pa rin sa akin ang kahulugan ni Ina.

Tila siya manok na naglalatag
ng liwanag sa pagdating ng umaga.
Ginigising kami sa sagitsit
ng almusal na niluluto sa kusina.
Nagagalit at nagmumura
kapag hinihiling namin na ipag-init
kami ng tubig; pero ayun, kanina pa
naghihintay sa banyo ang tuwalya
at maligamgam na ang tubig-pampaligo.

Madalas, sa oras ng pagkain
ay tila siyang artista sa bodabil,
at nasasakop niya ang buong bahay
na tila ilaw ng gasera, sa pagkukuwento
tungkol kay ganoon na ginanito si ganire
sa opisina habang tumatalsik ang mga butil
ng kanin mula sa kanyang bibig; lagi tuloy kami
nabubusog sa kanyang boses at halakhak.
Ay, Ina! Hindi lamang gutom namin
ang kanyang itinatawid:
pati ang aming mga pangarap
at kinabukasan.

Kaya minsan, nang kami'y
kanyang napagalitan at nasampal,
nadadama ko ang hapding bumabakas
sa kanyang mukha sa bawat paghakbang
namin papalayo sa kanya at patungo
sa aming kuwarto. Parang may malaking pasa
sa kanyang pisngi nang isara namin
padabog ang aming pintuan.

Hindi ko mahinuha
ang gabing iyon; tila siya magnanakaw
nang pasukin niya ang aming kuwarto
hindi para alamin ang aming mga lihim
na ngitngit kundi para siguraduhin
kami ay maayos sa pagkakahimbing.

Aaminin ko, mahiwaga para sa akin ang aking ina katulad ng isinasaad ng dalawang unang taludtod: “Hanggang ngayon, banyaga/ pa rin sa akin ang kahulugan ni Ina.” Hindi ibig sabihin nito na hindi ko siya kilala. Ang tinutukoy kong hiwaga ay kung ano ang dating niya sa akin. Puno siya ng kontradiksyon: maingay at istorbo sa umaga, kahiya-hiya ang gawi kapag kumakain, nagmumura at, minsa’y nakasakit (sampal) ngunit sa kabila niyon ay nabubura ang lahat ng ito dahil sa iba pa niyang ginagawa, ang kanyang pagkalinga at pagmamahal, direkta o hindi direkta man niyang sinasabi o ipinadadama. Ang hiwaga ay umuusbong sa kanyang pagsisikap na maging siya (ang tunay na ugali) sa kabila ng kanyang papel bilang ina. Bilang ina, kinakalimutan niya ang sarili upang gawin ang mga bagay na magpapasaya sa kanyang anak. At kung pumalya man siya, gagawa’t gagawa ng paraan upang ito ay maipadama. Dahil ang nakikita kong dahilan ng pag-usbong ng hiwagang ito sa akin: Una, hindi pa ako magulang. Pangalawa, hindi ako babae. Ang hiwagang ito at ang maraming kontradiksyon tungkol sa ina ang siyang dahilan kung bakit nasa malayang taludturan ang anyo ng tula at ang diksyong tila magulo ang pagsasalita. Pagunahing kong ginamit ang dalawang pamamaraang ito upang ipakita ang magulo at hindi mauunawaang atityud ng anak sa ina.

Makikita sa dalawang tula na may nakatanim nang talinghaga sa mga paksa. Nariyan na ito kahit hindi ko hanapin. Kumbaga, ang talinghaga ng dalawang paksa ang nagbunsod sa akin upang madali ko itong naisulat. Sa madaling salita, may inspirasyon.

Ngunit tulad ng sinasabi ng maraming manunulat, huwag umasa sa inspirasyon dahil bihira, at sa maraming pagkakataon, hindi ito dumarating. Wika nga, 2% inspiration at 98% perspiration o 1% inspiration at 99% perspiration. Ayon naman kay Rio Alma, 100% perspiration. Dito, kailangan talagang pagnilay-nilayan ng makata ang isang bagay o pangyayari. Kailangan niyang pigain ang hiwaga sa isang paksang wala man lang kahiwa-hiwaga (sa tingin ng makata sa pagkakataong iyon).

Ito ang nakikita kong pangalawang antas ng pananalinghaga ng mga makata. Siya mismo ang nagbibigay hiwaga sa isang bagay. Kung sa una ay mayroon ng nakataling hiwaga sa mga paksa, sa pangalawa, siya mismo ang nagtatali ng hiwaga sa paksa. Kung kaya't ang talinghaga ay **itinaling hiwaga**. Karamihan sa aking mga tula ay nasa ganitong antas. Maraming pagkakataong tila akong nakatunganga, paulit-ulit na nagsisigarilyo, umiinom ng kape habang hawak ang notebook at bolpen upang makaisip kung ano ang maaaring tulain mula sa aking mga karanasan. Ang hanapin ang mga hindi pamilyar sa mga pamilyar. Sa mga pagkakataong ito, kailangan kong magbasa ng maraming aklat, komiks at diyaryo, manood ng pirated na pelikula (opo, pirata po ako) at palabas sa telebisyon o kaya ay tumambay sa maraming lugar. At maraming beses na ang mga naitala ko sa aking notebook ay tila hindi maituturing na tula pag babasahin muli sa bahay.

Ganito ang naging karanasan ko sa pagsulat ng **TATLONG HARANA SA ALON** na binubuo ng tatlong bahagi.

i
Amansinaya,
Kanlungin mo ng awit
Ang aking tinig.
Aking haharanahin
Ang mahal ko sa dagat.

ii
Minsa'y may tibok
Ang pagdating na alon
Sa buhanginan.
Kanino kayang puso
Ang kanyang sinusuyo?

iii
Kung 'di hahaplos
Ang alon sa 'king paa,
Lulusong ako't
Papaanod sa tubig;
Di na muling aahon.

Isa sa iniatang kong patakaran sa sarili na laging maglista ng mga ideya kahit ito ay katawa-tawa, napakakaraniwan o korni. At isa sa mga ideyang iyon ay ang dagat. Marami ng makata ang tumula tungkol sa dagat. Dahil dito, napakahirap na tulaan pa ito at magbigay ng kakaiba pang pananaw. Gayunpaman, nagtiyaga pa rin ako. Nagbasa ako ng mga tula, ng mga sulatin tungkol sa dagat at natiyempuhan kong muli ang isang sanaysay tungkol sa diyos at diyosa sa Pilipinas. Isang nakatawag pansin sa akin si Amansinaya, diyosa ng karagatan. Naisip kong magsimula rito kung kaya ang unang taludtod ay ang pangalan niya. Maraming iba't ibang bersyon ng unang bahagi ang aking naisulat ngunit halos lahat ay nasabi na o hindi ko mapagtugma. Binalikan ko ulit ang tungkol kay Amansinaya at nabasa ko na pinuprotektahan niya ang mga mandaragat/mangingisda. Naisipan ko namang idagdag ang karakter na ito sa tula. Ngunit marami nang tumula tungkol sa kanila. Binalikan ko naman ang iba ko pang mga draft at nakita kong pawang tungkol sa pag-ibig ang mga ito kaya't naisipan kong

mangingibig na lang ang karakter. Isang mangingibig na naghihintay sa kanyang iniilog na nasa malayong lupain kung kaya't kinakausap si Amansinaya upang kanlungin siya sa pangungulila. Ang imaheng ito ang nagbunsod sa akin upang sulatin ang ikalawa at ikatlong bahagi. Sa pangalawa, nananatili pa rin ang pangungulila kung kaya't kahit ang simpleng kilos ng alon ay nakikitang pag-abot din sa kanya ng iniilog. Sa pangatlo, mula sa pagiging pasibo ay nasa punto na ng pagdedesiyon ang karakter. Ngunit sa pagkakataong ito, naisip kong maging ambiguous. Nais kong mag-isip/magtalo ang isip ng mambabasa kung ang kanyang gagawing paglusong ay ang pagsunod sa iniilog o pagpapakamatay. Gusto ko sanang mag-ala "Abangan ang Susunod na Kabanata" type. Sa totoo po, may kasunod na pong tula ito na hindi ko pa natatapos.

Mapapansin na ang pinakamahirap na sulatin sa buong tula ay ang unang bahagi sapagkat dito ay hindi ko pa alam ang sasabihin. Ngunit nang mabuo ko na ang imahen, medyo naging madali na ang sumunod na dalawa. Ngunit hindi lahat ng pagkakataon ay ganito. May mga tula akong ang bawat taludtod ay isinusulat nang mahabang panahon. Tulad na lang ng tulang **KALYE MILAGROS**. Si Nonon Carandang ang dapat sisihin dito. Minsan kasi'y naitanong niya kung bakit wala akong tula tungkol sa mga lugar na malapit sa amin tulad ng Dimasalang (bentahan ng bulaklak), ng Tayuman (lunan ng dating karerahan ng kabayo), o kahit mismo ang Avenida. Naisip kong magsimula muna ako sa aming kalye, ang Kalye Milagros.

Kalye Milagros, walang nagtatanong
Kung kailan ang katuparan ng iyong pangalan.

Ang pagragasa sa umaga
Ng mga sasakyan sa kanto
Ay tila tilaok ng ahas.
Maraming unan ang niiwan
Sa gitna ng mga pileges ng kobre-kama,

Dumarami ang mga tasang nabubungi
Sa malamig na lababo,
Napupuno ang mga sahi ng mga gasgas
Na iniwan ng takong at matitigas na suwelas
Na nakikipag-unahan sa unang haplit
Ng araw. Ngunit ikaw, parang inang
Nakabantay sa pintuan,
Tinatapilok mo kami ng iyong mga bako,
Binubulag ang aming mga mata
Sa nagkalat na tae ng aso,
Upang sabihin: “Mahal, walang
Naghahabol sa iyo. Magdahan-dahan,
Kailangang bukas ang isip
Sa maghapon pakikahamok.”

Batid mong kapag tanghali,
Dalisay kung yumapos ang araw.
Kaya tila ka hardinerong tinatagpas
Ang lahat ng lilim
Upang walang maglakas-loob
Na bagtasin ang lansangan,
Upang magkaroon ng panahong harapin
Ang inulilang kumot at unan,
Upang masuyo naman ang mga sugat
Ng iniwang tasa, kutsarita at platito,
Upang malamyos na mahaplos
Man lamang ng walis tamo o munting basahan
Ang hagdan at sahi.
Alam mong dalisay rin ang lupit ng araw
Kaya ipinaghehele mo ang aming ulirat
Para maligtas sa pagkasunog ng balat.

Gabi ang pinakaayaw mong oras.
Dito, marami ang lumilimot sa iyong pangalan: Milagros
Lahat ay pagod upang harapin ang iyong gulugod.
Marami ang nagsasara ng mata, pinto at bintana.
Ang ibang gising, kaniig
Ng kanilang titig ang telebisyon,
Ang mga estudyante’y kinakabisa
Ang mga kalyeng isinunod sa bayani,
Hayop, lunan, halaman at kaugalian.
Ang iba’y inaapuhap sa pahayagan
Ang mga pangalan ng bagong trabaho,
Ang iba ay binibithay ang listahan
Ng mga utang, singilin o bibilhin.
Lahat ay may pangalang hinahanap

Ngunit hindi ang sa iyo, kahit palayaw lang.
Kaya hindi mo maiwasang pumikit,
Lukubin ng pusikit ang iyong mga residente.
Gusto mong limutin ang pagiging monotonong
Tugon sa iyong pagmamahal.

Ngunit sa kabila ng lahat, kapag may isang anak
Ang umuwi nang hatinggabi mula sa trabaho,
Bisyo, panunuyo o pakikipagtalik sa libro,
At balot ka ng panimdim,
Hahayaan mong kukurap-kurap ang ang ilaw sa poste
Upang muling maalala, makilala
O kahit makita lang ang iyong ngalan.

Sa pangalan pa lang ay tila may makikita nang talinghaga. Ngunit ang aming kalye ay walang milagro maliban na lang sa mga nagaganap sa loob ng mga bahay. Ngunit mahirap ito malaman sapagkat napakapribado ng mga tao dito. Ito ang dahilan kung bakit naitanong sa unang estropa na “kailan ang katuparan ng iyong pangalan.” Ang sagot sa tanong na ito ay hinanap ko sa ibang kalye sa kamaynilaan. Binalikan kong muli ang iba ko pang tala at pinagsama-sama ang tila magkakaugnay na taludtod. Paulit-ulit ang aking rebisyon at pagkalipas ng maraming taon ko lamang natapos ito (actually, ngayong taon lang ito, bunsod ng deadline). Bagama’t may katawan na ito, tila walang karakter ang kalye. Sa puntong ito, malaki ang tulong ng pelikulang **Mila** na pinagbidahan ni Maricel Soriano bilang si Mila. Sa pelikulang ito, isa siyang guro na nagpalaboy-laboy sa lansangan. Gayunpaman, hindi naalis ang kanyang pagiging guro. Inipon pa rin niya ang mga batang lansangan upang turuang bumasa at sumulat. Naging bukas pa rin siya sa mga taong manghihingi ng advice sa kanya. At tulad ng maraming taong nakipagsapalaran sa lansangan, dumanas siya ng hirap at pagmamaltrato. Ito ang naging batayan ko kung bakit ang karakter na Kalye Milagros ay tila si Mila. Mapag-

aruga at nagtuturo sa mga taong dumaraan sa kanya. Hindi pinapansin at kinakalimutan. At siyempre, malaking bagay na halos magkapangalan ang dalawa: Mila. Milagros.

Ngunit may mga pagkakataong hindi ako nagkakasya sa pagtuklas o paghahanap lamang ng talinghaga sa pagtula. Dati akong aktibista na kumilos sa hanay ng mga manggagawa at kabataan. Hanggang sa ngayon ay paminsan-minsan pa rin akong umuugnay sa kanila upang ibigay ang aking serbisyo bilang guro. Kung kaya't hindi maiaalis sa akin na tumula pa rin tungkol sa kanila. Sa mga tulang ito, may tiyak akong nais na ipaalam sa kanila. Nais kong maramdaman nila ang iba't ibang damdamin ng mga trabahador sa konstruksyon, ng mga estudyanteng nagrarali, ang mga Pilipinong iniwan ang kanilang lupa upang mangibang bayan, ng mga namumundok bilang NPA. Dito, ang hiwagang natuklasan o binuo ko ay may talim na tatagos sa pandama at isip. Ang pananalinghaga ay **talim** ng **hiwaga**.

Sila ang mga naging paksa ko sa mga tulang **OYAYI NG ISANG PIYON**, na tungkol sa isang amang manggagawa na ibinabahagi ang kanyang mga pananaw sa kanyang pagkilos sa pamamagitan ng isang oyayi o awit pampatulog, at sa tulang **PASLIT**, na tungkol sa isang mangingisdang namangka't nangisda sa ibang bansa at sa huli ay nabaklad sa mental institution.

Gayunpaman, may pagtatangka pa rin akong maging iba sa mga naunang katulad na tula. Hangga't maari ay ayaw kong magtapos sa taas-kamao at kita kili-kiling pagpapahayag. Bagama't palasak na ang paksa, dahil hindi pa nga talaga nagbabago ang kalagayan ng taumbayan sa Pilipinas, maaari pa rin itong sabihin sa preskong paraan. Tinangka kong gawin ito sa aking tulang **BAKIT NINYO IBINABALIK SA AKIN ANG LAHAT NG AKING NAWALA AT IWINALA?**

Kayong nasa harapan ko ngayon,
kayong nasa aking kaliwa, nasa aking kanan,
kayong nasa labas, kayong bagong dating,
kayong kanina pa dumating,
mga walanghiya kayo!

Bakit ninyo ibinabalik sa akin
ang lahat ng aking nawala at iwinala?

Noong mawala ang aking yuping susi
ng inuupahang kuwartong inaanay ang haligi,
tumutulo ang bubong at mataas pa ang upa,
ibinalik ninyo ito sa akin.
Noong mawala ang aking kamisetang may marka
ng gulong, putik, alabok at usok ng lansangan,
ibinalik ninyo ito sa akin.
Noong mawala ang aking panyong
gulanit at tigib sa uhog dahil iniwan ng iniirrog,
ibinalik ninyo ito sa akin.
Noong mawala ang aking medyas na maantot at butas
dahil sa kalalakad at kabibilang ng poste,
ibinalik ninyo ito sa akin.
At pati ang ID ko sa pabrikang nagbinyag sa akin
ng karbon at asero,
ibinalik ninyo ito sa akin.

Mga walanghiya kayo!

Isang beses ay itinikom ko ang palad
upang tanggihan ang inyong kawanggawa,
pulbura't gatilyoang inyong ipinansuyo.
Minsan naman, nagsalaysay ako sa papel
tungkol sa inyong mabubuting kalooban,
itinala ninyo sa lansangan ang aking pangalan.
Tinangka kong sumipol sa tulong ng simoy
upang palisin ang aking mga bakas sa alabok,
tinunton naman ako ng inyong mga asong palaboy.

Ngayo'y patuloy na nakaunan
sa aking paghimlay ang mga lagas na ngipin.
Sa paggising, ang mga pilak
sa ulo't isip ay bumibigat
at ang bawat hakbang palabas
ay tumatapyas sa bait at ulirat.

Mga walanghiya kayo!

Bakit ninyo ibinabalik ang lahat ng ito sa akin?
Kaya sa susunod na ibalik ninyo
ang iba ko pang nawala at iwinala,
Magwawala ako o mawawala!

Kilala natin ang persona sa tula. Anonimo siya ngunit pamilyar sa atin ang karanasan. Walang sariling tahanan, palaboy sa lansangan, bigo sa pag-ibig, hirap sa trabaho. Gayunpaman, mapapansin na kakaiba ang nilalang na ito. Karaniwan sa mga tula tungol dito, malinaw ang dikotomiya sa uri: kapitalista at manggagawa (o sinumang marginalized). Sa mga ito, may formula ang pahayag. Ilalarawan ang paghihirap ng manggagawa sa kapitalistang sistema, ipapakita na halimaw ang mga kapitalista at ang gobyerno at sa huli, mamumundok ang manggagawa o sasali sa mapagpalayang kilusan o kaya ay mamamatay sa pakikibaka. Sa tula kong ito, hindi tiyak ang kalaban ng manggagawa. Sa halip, lahat ay binanggit ko mula sa mga nasa kaliwa hanggang sa mga nasa kanan, mula sa mga nasa loob ng sistema hanggang nasa labas nito. Ang lahat ay may bahagi ng kanyang kalagayan. Ang pangyayaring ito ang dahilan kung bakit sa halip na mamundok ang persona, “magwawala” o “mawawala” na lang siya.

Maaaring maraming mga kasama o dating kasama sa kilusan ang pupuna sa akin dito. Ngunit makikita sa kasaysayan na maging ang mga nasa kaliwa ay may pagkakamali rin. Resulta nito, may malaking pakiramdam ng indifference sa hanay ng mga manggagawa. Sarili ko lang itong obserbasyon at walang matibay na pananaliksik kaya huwag po sana sila/kayong makipagtalo sa akin. Sa ngayon, patuloy pa rin ang rektipikasyon ng nasa kaliwa nang sa gayon ay muling mapalakas ang kanilang hanay.

Ngunit bukod sa aking nabanggit, nais ko ring pansinsin ninyo ang diksyon ng tula. Makikita na tila isang speech ang paraan ng pagsasalita ng persona. Sinadya ko po ito sapagkat ginawa ko ang tula para sa isang poetry reading. Natutuwa naman po ako at

nagustuhan ng nakararami ang aking binigkas. Hindi ko lang alam kung dahil maganda ang tula, magaling ang aking pagkakabasa o talagang kamukha ko si Aga (Muhlach).

Iba Pang Tala sa Pananalinghaga

Opo, may pangarap po akong maging kamukha ni Aga. Buti na lang po at pangarap lamang at hindi isang ambisyon. Baka nagkataong camera at ilaw ang kaharap ko sa halip na kayo.

Ang aspekto ng pagiging Aga na aking inaabot ay hindi ang kanyang kaguwapuhan kundi ang kanyang pagiging lover. Aaminin ko po, lagi po akong inlababo. Karamihan sa aking mga tula ay puro tungkol sa pag-ibig. Tulad ng **HILIG NG KATAWAN, PAGNINILAY, TATLONG HARANA SA ALON, REPLEKSYON SA TUBIG**, at **DALAWANG MAIKLING OYAYI**. At aaminin ko po, isang tao lang ang pinag-aalayan ko ng mga ito, si Elyrah Salanga. Nabanggit na ni Dr. Cirilo Bautista sa kanyang kolum tungkol sa mga ganitong uri ng tula. Malay po ako sa kanyang sinabi kung kaya't naroon ang pagsisikap na hindi lamang puso ni Elyrah ang aking tinatangkang kilitiin kundi pati na rin ang iba. Ang mga binanggit ko po sa itaas ay consumption ng publiko. Ang mga hindi ko po isinama sa koleksyon ay pang-aming dalawa lamang.

Pag-ibig po talaga ang aking kahinaan ngunit naniniwala ako na hindi lang ako kundi ang halos lahat ng manunulat. Sa totoo lang, tungkol sa pag-ibig ang madalas at pinakamadaling sulatin, ayon nga kay Dr. Lakangiting Garcia. Kung tungkol sa kalikasan ang isinusulat, pag-ibig sa kalikasan. Kung makabayan, pag-ibig sa bayan. Kung tungkol sa pamilya, pag-ibig sa pamilya. Kung tungkol lahat sa sarili, pag-ibig sa

sarili (narsisistiko). Sa aking palagay, ang pag-ibig ang siyang puso at ubod ng anumang hiwagang nakita, nabuo o binigyang kapangyarihan.

Bilang pagtatapos, nais kong balikan ang ehersisyong binanggit ko sa simula. Sa aking palagay, bulok o rotten pa ang aking mga tula. Hindi po ito pagiging humble o pangunguna sa inyo. Ganoon lang po talaga ang aking atityud sa pagtula o pagsulat ng kuwento. Para sa akin, dalawa lamang ang uri ng tula o kuwento o dula o sanaysay na isinulat. Ang una ay ang unfinished at ang pangalawa ay abandoned. Tinitingnan ko ang pagtula bilang unfinished. Itinuturing ko na hindi pa tapos o pinal ang isang tula, sa nilalaman man nito o sa anyo. Para sa akin, kahit nalathala na o nanalo na isang patimpalak ang aking akda, lagi ko siyang binabalikan upang tingnan kung paano ko pa siya mapapabuti. May mga pagkakataong pinapagtibay ko ang aking sinasabi sa tula at may mga pagkakataong kinakalaban ko ang sarili sang-ayon sa hiwagang natuklasan, itinali o binigyang talim sa panahong iyon. Kung hindi ko man marebisa ang mismong tula, ginagawa ko ang pagbabago sa pamamagitan ng isang tula.

Siguro, ito ang nais kong ipaabot sa mga nagsusulat nang malikhain. Huwag maging kampante sa anumang tagumpay sa pagsulat. Darating ang pagkakataong kahit kayo ay mananawa na, makokornihan, makukulangan o maiinis sa sariling akda. Sa aking palagay, bahagi ito ng pag-unlad ng sarili bilang manunulat at pag-angat ng panitikan.

Hayaan ninyo na tapusin ko ang panayam sa pamamagitan ng isa kong tula. Tungkol ito sa kung paano ko hinaharap ang isang pamilyar na gunita o bagay. Tulad ng isang estranghero, bago at sariwa ang anumang karanasan kahit ito ay araw-araw na nakikita o nadadaan.

PAMILYAR

Malimit, ika'y sumasanguni sa ulirat
Kung ano ang depinasyon ng pagliyag.

Nagugunita mo ito bilang init
Sa magkaniig na mga labi at bisig.
Minsan naman ay malamyos na hiningang
Tumutulay sa batok, tenga, pisngi't mata.

Ngunit madalas, ikaw ay naiiwang
Walang maitakdang salita at larawan.

Marahil, maitutulad ito sa simoy,
Tahimik na naghihintay sa mga pagsipol.
O hamog na laging handang magpaangkin
Sa lamig na kung yumakap ay taimtim.

Sa huli, ang tanging sagot sa ganitong misteryo'y
Mabubuo sa malilikhang mong sariling alpabeto.

Mga Sanggunian:

Almario, Virgilio S. *Taludtod at Talinghaga*. Lungsod Pasig: Anvil Publishing, Inc. 1991.

Barrios, Joi at Jun Cruz Reyes, mga patnugot. *Ang Aklat Likhaan ng Tula at Maikling Kuwento 1996*. Lungsod Quezon: Likhaan: UP Creative Writing Center at UP Press, 1999.

Gener, Teo E. *Ang Sining ng Tula*. Philippines: McCullough Printing Company, 1958.

Salanga, Afredo Navarro. *Chronicles and Dispatches*. Lungsod Quezon: New Day Publishers, 1991.